7. Alin sa mga pangyayari sa Timeline ang makapagbibigay ng angkop na suporta at paglalahad tungkol sa mabagal na pag-unlad ng Panahon ng Pagkamulat sa ibang parte ng Europa?
    a. Napirmahan ang Russian Charter of Nobility.
    b. Nagsimula ang rebolusyong Dutch.
    c. Ang paglunsad ng Rebolusyong Pranses.
    d. Ang pag-lunsad ng Rebolusyong Amerikano.



8. Basahin ang pahayag ni Copernicus.

> "...For it is the duty of an astronomer to compose the history of the celestial motions through careful and skillful observation. Then turning to the causes of these motions or hypotheses about them, he must conceive and devise, since he cannot in any way attain to the true causes, such hypotheses as, being assumed, enable the motions to be calculated correctly from the principles of geometry, for the future as well as for the past. The present author has performed both these duties excellently. For these hypotheses need not be true nor even probable; if they provide a calculus consistent with the observations, that alone is sufficient."
> - Copernicus,
> as quoted in *The Discoverers*

Ano ang tamang sagot sa sitwasyong ito batay sa sinabi ni Copernicus. Kung ang hypothesis ng isang astronomer ay nagresulta sa isang tugmang obserbasyon, ito ay nagpapahiwatig na
a. tama ang nagawa ng astronomer
b. mali ang ginawa ng astronomer
c. ang kasalukuyang manunulat ay mali
d. mali ang mga obserbasyon

9. Nakasulat sa Deklarasyon ng Kalayaan ng mga Estado na, "That whenever any form of government becomes destructive of these ends, it is the Right of the People to alter or abolish it."
Anong ideya ng pagkamulat ang isinasaad ng mga salitang ito ?
a. Pangangailangan na masiguro ang isang representate sa pamahalaan
b. Maibalik ang lipunan na di sentralisado ang pamunuan
c. Social contract sa pagitan ng pamahalaan at ng mamamayan.
d. Layuning rebolusyonaryo para mapatalsik ang kasalukuyang pamahalaan .

10. Nakatuon ang mga tampok na personalidad ng pagkamulat sa pagbabago ng relasyon sa pagitan ng mamamayan at pamahalaan sa paniniwala na:
a. Kalimitan sa mga pagbabago sa pamahalaan ay mapanganib
b. Na ang walang hanggan o Absolute na monarkiya ang pinaka-epektibong paraan ng pamamahala.
c. Ang mga pamahalaan ay naitatag upang protektahan ang karapatan ng mamamayan.
d. Ang kalayaang pantao ay dapat nalilimitahan dahil sa pangangailangan ng kaayusang panlipunan o social order

11. Hinamon ng mga pilosopo ng Pagkamulat tulad ni John Locke at Jean Jacques Rousseau ang ideya ng divine right ng hari. Sumulat sila ng mga obligasyon ng pamahalaan para ma-protektahan ang karapatan ng tao at kung paano mapatakbo ang pamahalaan ayon sa pahintulot ng nasasakupan. Hinikayat ng mga kaisipang ito ang mga tao na ..
a. Manatiling matatag ang suporta sa absolute monarchs
b. Maghanap ng panibagong pinuno na magpapakita ng kapangyarihang diktaduryal.

c. Makibahagi sa rebolusyon upang maitatag ang mga demokratikong

pamahalaan.
d. Manawagan sa mga pinuno ng simbahan na bumuo ng teokrasya at palitan ang monarkiya.

12. Paano binago ng mga pagawaan ang nakasanayang buhay ng paggawa?
    a. Pinagbawal ang paglalaro ng mga bata sa pagawaan.
    b. Pagbaba ng sweldo.
    c. Nagtrabaho ang mga manggagawa ng mas mahabang oras.
    d. Mga lalake lang ang pwedeng magtarabaho sa pagawaan.

13. Sa papaanong paraan naapektuhan ang mga nasa gitnang antas ng lipunan middle class) ng Rebolusyong Industriyal ?
    a. Nagkaroon ng maraming trabaho kaya't dumami ang mga nasa panggitnang antas ng lipunan.
    b. Bumaba ang kita kaya't bumagsak ang mga middle class sa lower class.
    c. Maraming tao na nasa middle class ang nawalan ng trabaho.
    d. Napilitang magtrabaho ang mga kababaihang nasa middle class.

14. Paano nagbago ang papel ng kababaihan sa isang indusriyal na lipunan?
    a. Mas lalo silang natuto na tumindig sa sariling paa sa pagpasok sa trabaho.
    b. Mas umaasa sila sa kalalakihan dahil hindi sila pinayagang magtrabaho.
    c. Pinayagan ang mga kababaihang nasa middle class women na magtrabaho upang masuportahan ang kanilang pamilya.
    d. Naiwan ang mga babae sa bahay upang bantayan ang pamilya dahil kaya ng mga lalake na kumita ng sapat na pera para suportahah sila.

15. Ano ang epekto ng Panahon ng Paglalayag sa sangkatauhan?
    I. Naging daan ito sa pang-aalipin sa North America
    II. Dumami ang kalakalan sa mga kontinente
    III. Dumami ang yaman sa mga kaharian sa Europa
    IV. Pagkalat ng sakit sa buong mundo.
    a. I,II,III c. I,II,IV
    b. II,III,IV d. I,II,III,IV

16. Alin sa mga sumusunod ang positibong epekto ng rebolusyong industriyal sa buhay ng tao?
    I. Nagbigay ito ng oportunidad na umangat ang buhay ng tao.
    II. Ang buong pamilya ay kalimitang nagtatrabaho ng mahabang oras sa isang di-makataong kundisyon upang mabuhay.

    III. Limitado ang karapatan ng kababaihan dahil sa maayos na nutrisyon.

IV. Ang manggagawa ay nagkaroon ng mas maraming gawain na pampalipas oras at maraming pera sa lungsod kaysa sa bukid.

a. I,II,III c. I,IV

b. II,III,IV d. III IV,

17. Ang sumsunod ay isang artikulo na nailathala sa Earth Times noong Nov. 1, 2008.

Bremen – The Protestant Church in Germany (EKD) is worried about God's creation. At its synod in the northern city of Bremen from Sunday to Wednesday, its most important meeting of the year, the main theme will be global warming and dwindling water resources. The EKD, a federation of 23 regional churches - Lutheran, Reformed and United - is expected to urge political and business leaders to get serious about environmental protection before it is too late. ... Environmental protection is not a new issue for the Church: its officials have been warning for years that care must be taken with the Earth and the natural resources on which humans depend; and its parishes have launched a number of environmental protection projects.

Ano ang nais ipahiwatig ng artikulo tungkol sa gawain ng simbahan?

a. Ang papel ng pari ay nakatuon sa pagpapatatag ng pananampalataya
b. Ang simbahan ay nakikibahagi sa pagbibigay solusyon sa mga isyung pangkapaligiran.
c. Nagdidikta ang simbahan ng mga dapat gawing proyekto
d. Ngayon pa lang nababahala ang simbahan dahil sa global warming

18. Sa Table 1 ay makikita ang edad ng manggagawa sa pabrika ng bulak noong panahon ng Rebolusyong Industriyal. Ano sa palagay mo ang angkop na batas ang dapat maipatupad batay rito?

a. Anti-child labaor Policy
b. Pagpaparehistro ng lahat ng manggagawa
c. Pagpapasara ng mga pabrika ng bulak
d. Pagpaparami ng manggagawang edad 21 pataaas.

Table 1
Age Distribution in Cotton Factories
(Manchester and Stockport Cotton Factories, 1818-9)

	Starting Age in Factories		Current Age	
Age Group	%	cum %	%	cum %
under 10	49.9	49.9	3.9	3.9
10-13	27.9	77.8	25.3	29.2
14-17	10.3	88.1	22.1	51.3
18-20	4.1	92.2	11.8	63.1
21 & over	7.8	100	36.9	100
sample size	7142		7888	

19. Paano tumugon ang mga Pranses sa hamon ng rebolusyon?
    a. nakipag-negosasyon upang maayos ang di-pagkakaunawaan
    b. naging mas lalong radikal
    c. tinaggap ang mga katunggali sa proseso ng paggawa ng desisyon
    d. siniguro na ang mga mamamayan ay malayang makapagsasalita

20. Naniniwala si Montesquieu na upang maiwasan ang pang-aabuso sa pamahalaan ay dapat magkaroon ng paghihiwalay ng kapangyarihan . Alin sa mga sumusunod ang ipinapahayag ng ideyang ito?
    a. Walang hanggang kapangyarihan sa sangay ng ehekutibo
    b. Paghahati ng kapangyarihan para sa tatlo at marami pang bansa.
    c. Lubos na kapangyaihan sa sangay ng lehislatibo
    d. Paghahati ng kapangyarihan sa tatlong sangay ng pamahalaan.

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Kolonyalismo	ay ang tuwirang pananakop ng isang bansa sa iba pa upang mapagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mangongolonya. Ang kolonyalismo ay madalas na naihahalintulad sa Imperyalismo ngunit ang dalawa ay mayroong pagkakaiba."Maaaring magsilbing baseng pangkalakal o pangmilitar ang kolonya"
Imperyalismo	ay isang patakaran o paraan ng pamamahala kung saan ang malalaki o makapangyarihang mga bansa ang naghahangad upang palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o paglulunsad ng mga paglaban o kontrol na pangkabuhayan at pampolitika sa ibabaw ng ibang mga bansa. Ilang malalaki o malalakas na mga bansang ang kumukontrol sa ibang mga rehiyon upang makalikha ng isang mas malaking imperyo.

Rebolusyong industriyal	iniuugnay sa mga kaganapang panlipunan at pang-ekonomiya na humantong sa pagbabago mula sa lipunang agrikultural at komersiyal tungo sa modernong lipunang industriyal. Ito ay nakasalalay sa paggamit ng makinarya sa halip na mga tool o kagamitan. Naganap sa Great Britain noong kalagitnaan ng ika-18 siglo hanggang sa kalagitnaan ng ika-19 siglo at lumaganap sa ibang bahagi ng Europe hanggang sa malaking bahagi ng daigdi
Rebolusyong siyentipiko	tumutukoy sa panahon ng malawakang pagbabago sa pag-iisip at paniniwala na nagsimula sa kalagitnaan ng ika-16 siglo hanggang sa ika-17 siglo. Kinakikitaan ito ng mga imbensyon sa agham at matematika.
Renasimyento	(mula sa Pranses na Renaissance, nangangahulugang "muling pagsilang"; Italyano: Rinascimento, mula sa re- "muli" at nascere "isilang"). Nagsimula ito sa Italya at lumaganap sa buong Europa noong ika-16 na siglo. Ito ay nagpasimula ng realismo sa Sining at pag-aaral ng mga obra ng mga Romano at Griyegong iskolar at manunulat.
'Bourgeoisie'	Iay kasinghulugan ng antas sa lipunan na may mga ari-arian o propertied class
proletariat	Ito naman ang mga nasa antas sa lipunan na nagtatrabaho at / o kilala rin na ang ” propertyless class” .

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Supplemental materials:

- Mga Handouts at Worksheets

Sources/References:

- Textbook:

- Turning Points III ni Soriano,Dallo,Imerial, Samson, Antonio (Rex Bookstore,2007)
- Ang Kasaysayan ng Daigsig ni Michael D. Pante (IBON Books,2011)

- Websites ng mga Artikulo at imahe:

3. http://ashlinbsocialstudies.weebly.com/uploads/8/6/2/4/8624181/7705568_orig.png

4. Larawan ng social class ng Europa

http://www.autodidactproject.org/other/PKCS.html .
Timeline ng mga kaganapan sa panahong midyebal

http://www.castlewales.com/edward01.jpg Imahe ni King Edward

http://www.kidspast.com/images/medieval-priest.jpg Paris a panahong midyebal

http://www.britannica.com/EBchecked/topic/380873/Middle-Ages
Artikulo at website tungkol sa middle ages.

http://www.timetoast.com/timelines/the-european-middle-ages-500-1500-ad
Timeline ng Gitnang Panahon 500-1500 AD

http://www.thelatinlibrary.com/imperialism/notes/middleageschron.html
Timeline ng paglaganap ng imperyalismo

http://www.bl.uk/learning/histcitizen/21cc/utopia/methods1/bourgeoisie1/bourgeoisie.html
Ideya ni Karl Marx tungkol sa bourgeoisie

http://history-world.org/midtowns.htm
Nagpapaliwanag sa mga salik ng pag-usbong ng bourgeoisie

http://www.bl.uk/learning/images/21cc/waves/transcript1745.html
Pagkukumpara sa bourgeoisie at proletariat.

http://www.toondoo.com/ Online free comic strip

http://www.investopedia.com/terms/m/mercantilism.asp
Kahulugan ng merkanitlismo

http://education-portal.com/academy/lesson/colonial-mercantilism-definition-history-effects.html#lesson Pagsuri sa mga katangian ng Merkantilismo:

http://www.preservearticles.com/2011090413003/what-are-the-factors-for-the-growth-of-mercantilism.html Mga salik sa pag-usbong ng merkantilismo

http://www.allenisd.org/cms/lib/TX01001197/Centricity/Domain/1256/Mercantilism%20Chart%20and%20Effects.pdf Artikulto ng Epekto ng merkantilismo

https://tackk.com/
Tackk is a simple way to create beautiful pages on the web. page, flyer, blog post, or poster.

http://www.slideshare.net/jaredram55/paglakas-ng-europe-national-monarchy
Powerpoint presentation tungkol sa pambansang monarkiya

http://kasdig.blogspot.com/2012/11/ang-paglakas-ng-national-monarchy.html
Isang blog tungkol sa dahilan ng pagusbong ng pambansang monarkiya:

http://www.vlib.us/medieval/lectures/national_monarchies.html
Isang artikulo tungkol sa National Monarchy

http://www.timetoast.com/
Pagbuo ng timeline

http://www.historyteacher.net/APEuroCourse/EHAP-Quizzes/NewMonarchies-1.htm
On-line quiz sa monarkiya

http://www.sporcle.com/games/c_sandiego/monarchbydescription
Interactive game sa monarkiya

http://www.learner.org/interactives/renaissance/index.html Ang Renasimyento

Mga larawan at artikulo ng renasimyento
http://www.teachersfirst.com/lessons/art-ren/stu4.cfm
Practice Quiz sa Renaissance

http://www.flowofhistory.com/node/580
Diagram ng Impluwensya Renaissance
http://www.flowofhistory.com/node/591
Diagram ito tungkol sa pag-usbong ng Repormasyon

http://www.flowofhistory.com/units/west/13/FC84
Isang artikulo na nagpapaliwanag sa diagram ng repormasyon

http://www.historyteacher.net/EuroProjects/ExamReviewSheets/MatchingQuizzesForFinalReview-2001/MATCH-Reformation.htm
On-line quiz sa repormasyon

http://www.youtube.com/watch?v=qZnhkJCdiI8
Video tungkol sa Protestantismo

https://www.khanacademy.org/humanities/history/1500-1600-Renaissance-Reformation/protestant-reformation/e/protestant-reformation-quiz

Online quiz sa Repormasyon

fishbone diagram tungkol sa Sanhi at Bunga ng Repormasyon
http://creately.com/diagram-type/template/g6adlbuz3/fishbone-diagram

www.tweeter.com Free online site para magbahagi ng opinyon

http://www.litlift.com/   Free on-line novel and story writing software

blogger.com o di kaya ay sa wordpress.com . blog   Blogsites para sa pagsusulat

https://hiveword.com/
Website para sa pagbuo ng kwento tugkol sa mga kaganapan

http://www.faculty.rsu.edu/users/f/felwell/www/Theorists/Essays/Marx4.htm
Tungkol sa mga sulatin ni Karl Marx

http://dmshistory8.weebly.com/mercantilism-vs-free-enterprise.html
Tungkol sa kaibahan ng merkantilismo at free enterprise

Aralin 2: Paglawak ng Kapangyarihan ng Europa

☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Tinalakay sa nakaraang yunit ang tungkol sa Ugnayang Pandaigdig at Pagtatatag ng mga Nation-States. Ipinakita doon ang pagsilang at kontribusyon ng burgisya, merkantilismo, national monarchy at simbahang katoliko.

Sa yunit na ito ay malalaman mo ang mga kaganapan sa Paglawak ng Kapangyarihan ng Europa. Inaasahan na sa pagtatapos ng yunit na ito ay mauunawaan mo na ang transpormasyon ng daigdig ay dahil sa paglaganap ng mga kaisipan sa siyensiya,pulitika, at ekonomiya simula noong ika-16 na siglo.

Bunsod ng kaalamang ito ay inaasahan rin na ang mga mag-aaral ay makapagmumungkahi ng pamamaraan ng pagmulat sa kamalayan tungo sa pagbabago at pagkamit ng pandaigdigang kamalayan, apayapaan at kaunlaran.

☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang…
Aralin 2	**5.** Paglawak ng Kapangyarihan ng Europe	1. Nasusuri ang unang yugto ng imperyalismo at kolonisasyon sa Europe 2. Natataya ang mga dahilan at epekto ng unang yugto ng imperyalismo at kolonisasyon sa Europe 3. Nasusuri ang kaganapan at epekto ng Rebolusyong Siyentipiko, Enlightenment, at Industriyal 4. Naipapaliwanang ang ikalawang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo 5. Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng ikalawang yugto ng imperyalismo at kolonisasyon

☑ CONCEPT MAP NG MODYUL

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.



<u>Inaasahang mga Kasanayan</u>

Upang mahusay na masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

10. Nakapagsasaliksik ng mga datos.
11. Nakapagsusuri sa mga epekto ng mga kaganapan sa 16 siglo.
12. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong.
13. Nakababasa ng mapa.
14. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
15. Nakapagsusuri ng mga dokumento.
16. Nakabubuo ng konseptong mapa.
17. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
18. Nakalilikha ng mga alternatibong sitwasyon.

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.
Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

PANIMULANG PAGTATAYA

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot

MC ITEM

1. Repormasyon: Alemanya; Renaissance:______
    a. Pransya
    b. Italya
    c. Netherlands
    d. Inglatera

2. Ang manlalakbay na Italyano na nagsulat ng kuwento tugkol sa lupain sa Silangan at pumukaw sa interes ng mga Europeo.
    a. Galileo
    b. Copernicus
    c. Marco Polo
    d. Columbus

3. Ang lahat ng ito ay mga layunin sa paglulunsad ng kilusang Enlightenment, maliban sa isa.
    a. pag-imbento ng makabagong kagamitan at teknolohiya
    b. pagkuwestiyon sa batayan ng kapangyarihan ng mga opisyal ng pamahalaan at Simbahan
    c. kalayaan sa pagpapahayag
    d. pagkundena sa mapang-abusong sitema ng katarungan sa mga kaharian.

4. Saan nagsimula ang rebolusyong industriyal?
    a. Pransya
    b. Italya
    c. Netherlands
    d. Inglatera

5. Paano inilalarawan ang mga katutubong Pilipino sa tula ni Rudyard Kipling na the White Man's burden:
    "Take up the white man's burden. Send forth the best ye breed-Go, bind your sons to exile. To serve your captives' need; To wait, in heavy harness, On fluttering folk and wild- Your new caught sullen peoples, half-devil and half-child.
    a. maamo at may itinatagong bangis
    b. may mataas na katungkulan
    c. maraming pangangailangan
    d. pabigat sa mga taong puti

6. Nagkaroon ng pagbabago sa Morocco noong 1912 sa pagsakop ng mga British. Gayunpaman ay nanatili ang katutubo bilang pinuno ngunit nasa mananakop (British) sa bansa ang tunay na kapangyarihan. Ang ganitong anyo ng imperyalismo ay tinatawag na:
    a. annexation
    b. concession
    c. protectorate
    d. sphere of influence

7. Ang Asya at Africa ay mga rehiyon na pangunahing biktima ng imperyalismo dahil sa
    a. di-sibilisado
    b. kawalan ng mga pinuno
    c. mayaman sa likas na yaman
    d. walang kaalaman ang mga namumuno

8. Ang White man's burden na ginamit ng mga European na dahilan sa imperyalismo ay nangangahulugang
    a. ipalaganap ang Kristiyanismo
    b. gawing sibilisado ang mga katutubo
    c. pag-aralin ang mga katutubo
    d. pahirapan ang mga katutubo

9. Sa paghahanap mo sa iyong kaibigan sa unibersidad ay napadako ka sa social hall kung saan may pagpupulong ng mga guro at nakita mo ang mga slides na ito sa kanyanag presentasyon.





10. Ano kaya ang nais niyang gawin ng mga tagapakinig ?
    a. Pigilan ang paglaganap ng teknolohiya.
    b. Ipalaganap ang responsible viewing sa mga guro.
    c. Ipagbawal ang telebisyon at internet sa paaralan.
    d. Ipaalam ang epekto ng media .

11. Paano nakaapekto ang kolonyalisasyon sa Asya?
    a. Naging mga kolonyalista ang mga Asyano.
    b. Hinayaan ng mga Asyano ang mga dayuhang bansa.
    c. Umigting ang damdaming nasyonalismo ng mga Asyano .
    d. Nagparaya ang mga Asyano para sa kapayapaan.

12. Alin sa mga sumusunod ang angkop na paliwanag tungkol sa kamalayan?
    a. Ang pagkahubog ng kamalayan ng kabataang Pilipino ay magiging madali sa pagbabago ng sistema ng edukasyon_
    b. Ang mga bagay na itinuturo ng paaralan, naipapakita sa telebisyon at mga imahe ng dayuhang kultura ay nagdadala ng sari-saring kaisipan at ideolohiya na maaaring magpabago sa paraan ng pag-iisip at pagkilos ng isang tao
    c. Malaki ang impluwensya ng mga social networking sites sa kasipan ng kabataan tungkol sa kanilang kutlura.
    d. Maraming Pilipino ang nahuhumaling na bumili ng mga kagamitang gawa ng kapwa Pilipino.



13. Ang pagdami ng mga produktong ibinunga ng Rebolusyong Industriyal ang naging dahilan ng paghahanap pamilihan. Bunga nito ay inangkin nila ang ilang mga bansa gaya ng India at ginamit rito ang divide and rule na pamamaraan. Alin sa mga ito ang naging epekto ng pamamaraang ito:
    a. Pagbagsak ng local na pamahalaan dahil sa kawalan ng suporta
    b. Diskriminasyon ng lahi at pagtrato sa mga Indian na mababang uri ng mamamayan
    c. Pagpapahayg ng mga British ng dominanteng lahi na 'White-race'.
    d. Pagkakahati ng mga mamamayan

14. Naging matagumpay ang mga dayuhan sa paghahati sa mga na-kolonyang bansa sa pamamagitan ng diskriminasyon sa lahi. Alin sa mga ito ang HINDI bahagi ng kampanyang ito ?

a.

b.

c.	d.

15. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga imbensyon noong Siyentipikong Rebolusyon. Suriin ang mga larawan. Ano ang naging gamit at bentaheng naibigay nito sa mga Europeo?

			

a. Pinaunlad nito ang pangangatawan ng tao.
b. Nakatulong para sa paglalakbay noong eksplorasyon.
c. Ginawa nitong mas tama ang mga hakbang ng matematika
d. Binago nito ang pananaw ng tao sa kanyang sarili.

16. Ang kolonyalismo ay hindi lang nag-resulta sa pangangamkam ng pagbabago sa pananaw ng mga mamayan sa kanilang sarili at sa kanilang bansa bunga ng neo-kolonyal na impluwensya. Halimbawa ay ang pagka-humaling sa imported na produkto, alin sa mga ito ang dahilan ng ganitong kaisipan?

I.

Vibrant American Business In The Philippines

- U.S. business engagement in the Philippines is longstanding, positive and growing, an American firms play a major role in the economy. American products and services are we known and trusted, owing to the close historical partnership between the U.S. and th Philippines.
- The U.S. is the Philippine's largest trading partner. Bilateral two-way merchandise trad amounts to US$12.6 billion. The Philippines ranked as the United States' 30th expo partner and the 34th import partner. Trade with the U.S. contributes 18.4% of tot Philippine export revenue and 15.3% of the Philippines' total import revenues. The U.S remains the largest investment partner in the Philippines, accounting for about one-fourth the country's Foreign Direct Investment (FDI) stock.
- U.S. businesses work across a wide spectrum of sectors and industries, including information technology, financial services, electronics, automotives, consumer products, pharmaceuticals, agriculture, express delivery, books/publishing, educational services, retail, franchising, energy, and call centers. Over 600 U.S. companies operate in the country, including industry leaders like Coca-Cola, Citibank, Procter & Gamble, Hewlett-Packard, Microsoft, Texas Instruments, and McDonalds.

II.

III.	IV.

a. I, dahil sa marami ang negosyong Amerikano sa Pilipinas ito ay nakahiligan ng mga Pilipinong.
b. I at II dahil sa dami ng nagbebenta ng produktong imported at ang pagiging mura nito.
c. II, III dahil ang nakakahalina sa mga Pilipino pagiging mura ng mga produktong ito at ang pagbebenta nito sa pamagitan ng itinuturo sa paaralan.
d. III at IV, dahil ang kaisipang neo-kolonyal ay sistematikong naipapadaloy sa pamamagitan ng edukasyon at media

17. Isang tanyag na quote mula sa panahon ng Enlightenment ay: **"All men are born free, but everywhere they are in chains."** -Jean-Jacques Rousseau . Alin ang angkop na paliwanag nito?
    a. Namulat man ang mga tao sa mga bagong imbensyon sa matematika at agham ito naman ang naging kulungan ng tao
    b. Ang kawalan ng pagkapantay-pantay ay bunga ng kahinaan ng bawat tao.
    c. Ang pag-unlad sa sciences at arts ang nag- corrupt ng birtud at moralidad.
    d. Wala sa mga aytem ang sagot.

18. Ikaw ay naatasang magbigay ng policy proposal sa Deprtment of Trade and Industry upang ma-protektahan ang mga negosyanteng Pilipino. Alin sa mga ito ang gagamitin mong datos upang mapangatwiranan ang iyong proposal?

a.

b.

c.

Top 10 Exporters and Importers in World Merchandise Trade, 2000 (in billion dollars and percentage)

Exporters	Value	Share	Importers	Value	Share
United States	782.4	12.3	United States	1258.0	18.9
Germany	551.6	8.7	Germany	500.1	7.5
Japan	479.3	7.5	Japan	379.5	5.7
France	298.1	4.7	United Kingdom	331.7	5.0
United Kingdom	280.1	4.4	France	305.4	4.6
Canada	277.2	4.4	Canada	249.1	3.7
China	249.2	3.9	Italy	233.3	3.5
Italy	234.6	3.7	China	225.1	3.4
Netherlands	211.7	3.3	Hong Kong	214.2	3.2
Hong Kong	202.4	3.2	Netherlands	197.0	3.0
Total	3566.6	56.1	Total	3893.4	58.5
World	6358.0	100.0	World	6662.0	100.0

*Figures may not add up due to rounding.

d.

Piling Economic Indicators ng Pilipinas Matapos Pumaloob sa WTO

	1995	1996	1997	1998	1999	2000	2001	2002
GNP Growth Rate (at constant 1985 prices)	4.96	7.24	5.25	0.40	3.66	2.8	4.0	4.47
GDP Growth Rate (at constant 1985 prices)	4.76	5.85	5.19	(0.59)	3.32	4	3.4	4.43
NCR Nominal Non-Agri Minimum Wage	145.00	165.00	185.00	198.00	223.50	250.00	265.00	280.00
Unemployment Rate	8.8	8.3	22.1	10	10	11.2	11.1	13.90
Underemployment Rate	18.6	21.0	8.7	22	22	21.7	17.2	19.6
Foreign Exchange Liabilities (in million $)	39,367	41,875	45,433	47,817	52,210	52,060	52,426	53,874
Purchasing Power of the Peso (Phil-1994)	0.93	0.85	0.80	0.73	0.68	0.63	0.61	0.59
Daily Cost of Living			338.02	372.95	388.71	414.45	430.99	442.81
Inflation Rate (Phil)	8.0	9.1	5.9	9.8	6.6	6.6	4.0	2.6
National Govt Cash Operations (in million P)	11,074	6,256	1,564	(49,981)	(111,658)	(134,212)	(147,023)	(210,741)
Balance of Trade (in million P)	-149,121	-190,839	-250,861	-176,761	30,490	-45,095	-77,705	-86,341
Balance of Payments (in million US $)	631	4,107	-3,363	1,359	-513	-192	-1,308	751

Tinipon ng: Ibon Databank

19. Alin sa mga hakbang na ito ang gagawain mo upang maprotektahan ang kalayaan ng Pilipinas?
    a. Mangampanya laban sa pamahalaan at maglunsad ng rebolusyon
    b. Paigtingin ang pagbabantay sa mga smuggled na produkto.
    c. Maglunsad ng edukasyong magpapatatag sa diwang nasyonalismo.
    d. Pagbabawal sa pagpasok ng mga dayuhang produkto.

PAGTUKLAS

Ang mundo ay nababalot ng kahiwagaan ngunit maari mong malaman ang mga pinagmulan nito sa pagbabalik aral sa mga pangyayari sa nakaraan. Ang mga bansanag nasa Europa ay kinikilaa sa mundo dahil sila ay mayroong matatag na ekonomiya. Paano kaya nangyari ang ganito? Halina't alamin mo ang mga dahilan at sasagutin mo rin ang katanungan kung Paano nito naimpluwensyahan ang pambansang kamalayan.

GAWAIN 1. Picture /Situation Analysis

1. Mga Magsasaka

Si Rajo ay inatasan ng isang Museum Curator na mangalap ng larawan tungkol sa kaganapan nooong 16-17 na siglo para sa gaga naping exhibit. Ang mga larawang ito ang ipinasa niya.
Tatanggapin kaya ng curator ang ang lahat ng larawang ito? Bakit mo ito nasabi?
Alin sa mga larawang ito sa palagay mo ang nagpapakita ng kaganapan noong 14-18 na siglo? Ipaliwanag ang iyong sagot gamit ang Worksheet 1 (Photo-Inference Sheet).

2. Mga American Natives


3. Sa Pabrika

4. Kristiyanismo

5. Diyalogo

Map of Conceptual Change

(Facts I can See and Prove)	PAUNANG Hinuha + = **Hinuha**	Matapos ang Aralin **Konklusyon**

Pamprosesong tanong:
1. Ano ang ipinapahiwatig na pangyayari at pagbabago ng mga larawan?
2. Paano tinanggap ng mga tao ang kaganapang ito?
3. Paano nito naimpluwensyahan ang pambansang kamalayan ?

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

GAWAIN 2. **Ikwento mo.**

1. Mga Magsasaka	1. Paano naiiba ang mga magsasaka sa larawan kumpara sa magsasaka ng sinaunang panahon? 2. Ano kaya ang nagdulot ng ganitong pagbabago?
2. Mga American Natives	3. Ano ang kaganapang ipinapakita rito? 4. Sino naman ang ang mga taong may sombrero na may hawak ng armas? Bakit nila ito ginawa? 5. Sinu-sino naman ang mga taong may hawak ng sibat at pana? Bakit kaya tila nakahanda ang kanilang armas? Ano ang reaksiyon nila sa mga kaharap na lalaki?

3. Sa Pabrika	6. Ano kaya ang ipinapakita sa larawang ito? 7. Ano sa palagay mo ang pangyayari ang nagbunsod ng kaganapang ito?
4. Kristiyanismo	8. Ano ang kahulugan ng larawang ito? 9. Ano ang pagkakahawig nito sa kaganapan sa Pilipinas? 10. Sino ang nagsagawa ng ganitong hangarin?
5. Diyalogo	11. Ano naman ang ipinapakita rito?

Anong kwento ang maari mong mabuo kapag pinagsama-sama ang apat na larawan?

Ipaliwanag mo nga ito gamit ang blabberize.com

Transition Statement:

Batay sa nakita mo sa mga larawan, nagkaroon ng mga pangyayari noong unang panahon at ito ay posibleng may naging epekto o impluwensya sa mga kalakaran sa kasalukuyan. Upang malaman mo ang ilang mga detalya rito ay simulan mo muna sa pagsturi ng isang timeline sa susunod na gawain.

GAWAIN 3. Ang Nakalipas

Susuriin mo ang isang interactive timeline na nagpapakita ng mga pangyayari sa mga bansang Europeo.

http://www.bbc.co.uk/history/interactive/timelines/british/index_embed.shtml

Ito ang British History Timeline.

Sa pamamagitan ng pag-click ng taon ay makikita ang mga pangyayari sa sa Europa. Matapos mong magbasa ay punan mo ang Worksheet 2: Events-inference sheet.

Taon	Mahalagang Pangyayari	Nabuong hinuha o konklusyon
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		

Pamprosesong tanong:

1. Anu-ano ang mga pangyayari sa mga bansa sa Europa bago pa dumating ang 1500's?
2. Ano ang mga panibagong kaalaman na nagbunsod sa kanila na maglakbay?
3. Bakit naisip ng mga bansang ito na tumuklas ng ibang lupain?
4. Anu-ano ang mga mahahalagang pangayayari na naganap sa Europa?

5. Paano kaya nagkaroon ng pagbabago at paano tinanggap ng mga tao ang kaganapang ito?
6. Paano nito naimpluwensyahan ang pambansang kamalayan?

Pahayag Pang-transisyon:

Nakita natin ang mga kaganapan sa mga bansang Pransya, Portugal, Espanya, Gran Britanya at Olandya. Alamin naman natin ngayon ang naging proseso ng pagkontrol ng mga Europeo sa mga bansang nasakop nila. Maaring balikan ng mga estudyante ang Hand-out 2 o di kaya ay gawin ang susunod na aktibiti sa internet.

Activity 4: Interactive Map Analysis on Exploration (A, M)

Susuriin mo ang isang web-based interactive map gamit ang Hand-out 3: Ruta ng Paglalayag ng mga Europeo .
Buksan ang mga website na ito para makita ang interactive map:

	
http://www.ucalgary.ca/applied_history/tutor/eurvoya/map.html Mapa mula sa The European Voyages of Exploration	http://highered.mcgraw-hill.com/sites/0072957549/student_view0/chapter26/interactive_map_quiz.html

I-click mo ang mga nakahanay na icon sa kaliwang bahagi upang makita ang ruta ng paglalakbay at ang mga bansang nasakop. Makikita rin sa mapa ang ilang pangyayari matapos ang pagsakop.

Matapos mong masuri ang mapa ay punan mo ang Worksheet 3 Map Analysis sheet at ibahagi ang iyong sagot sa forum.

Map Analysis Worksheet	
Pangalan ng Mapa	
IMPORMASYON TUNGKOL SA MAPA	
Mananakop	Bansang Nasakop
1	
2	
3 	
4 	
Ano ang naging resulta ng eksplorasyon sa mga lugar na nasakop?	
Nasusuportahan ba o sinasalungat ng mapang ito ang iyong dating kaalaman tungkol sa pangyayari ? Ipaliwanag ang iyong sagot.	
Anu-anong mga desisyon/konklusyon ang mabubuo mo mula sa mapang ito?	
Anong mga katanungan mo tungkol sa eksplorasyon ang hindi pa nasasagot ng mapang ito?	

Pamprosesong tanong:
Kung kayo ang nasa katayuan ng mga mamamayan ng bansang sinasakop, ano ang magiging reaksiyon mo sa kaganapang ito?

Paano nabago ng mga kaganapan ang kamalayan ng mga tao?

Transisyon:
Nakita natin sa nakaraang gawain ang naging lawak ng teritoryo ng Europa at ang mga bansang nasakop nito at ang mga ito ay nasa kontinente ng Amerika ,Asya at Europa. Ngayon ay tunghayan natin ang naging epekto nito.

GAWAIN 4. Ang Paglalayag.

Upang magkaroon pa ng karagdagang kaalaman tungkol sa naging epekto ng eksplorasyon o paglalayag ay ipa- access sa mga estudyante ang interactive map o di kay ay ibigay ito bilang isang takdang aralin kung magkulang na sa oras.
Website: http://www.pbs.org/opb/conquistadors/timeline/timeline_flash.htm
(Ito ay isang timeline na nagpapakita ng paglaganap ng sakit sa mga kolonya.)

Panuto at mga pang-prosesong tanong:

A. Ituon ang cursor sa Events Timeline at i-drag ito pakanan.
    1. Anu-ano ang mga bansang nasakop?
B. Ituon ang ang cursor sa Disease Timeline at i-drag ito pakanan.
    2. Ano ang napansin mo habang ginagawa ito?
    3. Kung pag-uugnayin mo ang naganap sa Events at Disease timeline, ano ang nabubuo mong konklusyon?
    4. Paano naiimpluwensyahan ng kaganapang ito ang pambansang kamalayan ?

Matapos nilang masuri ang mapa ay ipasagot ang interactive game na ito tungkol sa eksplorasyon.
http://www.studenthandouts.com/Quiz-Batch-1/ES-Age-of-Exploration-and-Colonization-Part-I.html

Upang malaman natin kung nakuha mo ang mahahalagang impormasyon ng aralin ay bibigyan kita pagsubok. Punan mo ang Formative Assesment - Worksheet 4: Concept Map at ito ay Gawain mo sa mindmap.com

Sa pagitan ng mga taong ________ ay naganap ang paglalayag o ________ .

Ito ay pinangungunahan ng mga bansang ________ ________ .

Ang ilan sa mga lugar na kanilang natagpuan at ginawang kolonya ay matatagpuan sa mga kontinente ng: ________ ________ ________

Dahil sa pagyayaring ito ang mga tao na naninirahan sa mga lugar na sinakop ay: ________ at ________

Transition Statement

Mula sa una at ikalawang aktibiti ay nalaman natin ang isang mahalagang kaganapan sa Europa, ang panahon ng eksplorasyon at ang naging resulta nito. Bakit nga kaya naging masigasig ang mga Europeo na maglayag? Ano ang mga salik na nagbunsod sa kanila na gawin ito? Alamin natin ang mga kasagutan sa tanong na ito sa susunod na paksa.

GAWAIN 5. Rebolusyong Siyentipiko

May alam ka ba tungkol sa mahalagang tuklas sa agham? Alam mo ba na ang mga natuklasan sa larangan ng agham ay umani ng puna at batikos noon? Upang malaman mo kung paano ito nangyari ay basahin mo ang artikulong nakuha mula sa blog na ito:

http://history-atyourtips.blogspot.com/2012/04/hello-again-children-let-us-officially.html



http://scientificrevolutionhistory.wordpress.com/

Tingnan mo naman ang timeline ito at alamin ang mga naimbento sa panahong ito.
http://media.timetoast.com/timelines/what-were-the-inventions-during-the-scientific-revolution

Matapos mo itong basahin ay punan mo ang Worksheet 5: Fish bone Graphic Organizer.

Worksheet 5: Fishbone Graphic organizer

Isulat sa mga buto ang nahihinuha ninyong reaksiyon o pagtanggap ng tao sa REBOLUSYONG SIYENTIPIKO

SANHI

Resulta /Bunga: Sa mamamayan at bansang Europeo



Resulta/Epekto sa Simbahan

Alin sa mga mukhang ito ang naglalarawan ng iyong damdamin tungkol sa paksa? Bakit?



MASAYA



MALUNGKOT

____
____
____
____
____
_____

Pamprosesong tanong:
1. Ano ang rebolusyong siyentipiko?
2. Anu-ano ang mga naimbento sa reboulsyong siyentipiko?
3. Bakit nagkaroon ng ganitong kaganapan?
4. Sinu-sino ang mga pangunahing personalidad ng kaganapang ito?

Sagutin mo muna ang quiz na ito sa scientific revolution:
http://www.cram.com/flashcards/test/scientific-revolution-quiz-ap-euro-563451

Transition Statement:
Mula sa inyong naibahagi ay nalaman mo na minsan ay nagkakasalungat ang simbahan at agham . Sa susunod na gawain ay ating tuklasin mo kung ano ang mga hakbang na ginawa nila noon upang maisulong ang ilang makabagong ideya.

GAWAIN 6. Si Galileo at ang Simbahan

http://www.history.com/topics/galileo-galilei/videos#beyond-the-big-bang-galileo-galilei
Video tungkol kay Galileo

Pamprosesong tanong:

1. Ano ang ginawa ni Galileo?
2. Bakit ganito ang naging reaksiyon ng mga taong simbahan
3. May mali ba sa ginawa ni Galileo at ilang siyentipiko?
4. Kung ikaw ay isang siyentipiko sa kasalukuyang panahon, itatago mo lang ba ang iyong nalalaman?
5. Paano naka-impluwensiya ang mga teorya ni Copernicus, Galilei ,Kepler,Newton sa mga Europeong manlalakbay?
6. EQ**:** Paano nabago ng kaganapang ito ang kamalayan ng mga tao?

Formative Assessment: Muddiest Point (Worksheet 7).

CLEAR = Nakuha ko! Naintindhan ko ng mabuti ang konsepto. (Sumulat ng tatlong (3) pahayag ng naintindihan.)	BUGGY = Naintindihan ko ang karamihan ngunit may mga ilang bagay na di pa malinaw. (Isulat ang mga bagay di naintindihan.)	MUDDY = Hindi ko naintindihan ang lahat. (Isulat ang mga hindi naintindihan at mga tanong.)
		

Transition statement:
Naging masigasig ang mga kilalang siyentipiko sa pagtuklas ng makabagong kaalaman sa agham kahit paman kinukundena sila ng simbahan. Maraming pamamaraan ang pwede mong gawin upang maipahayag ang pagtutol laban sa mga di mabuting gawain, suukan mo nga ito sa susunod na aktibiti

GAWAIN 7. Paggawa ng Liham Pangkumbinse (A, M, T)

Ang aktibiti na ito ay isang paghahanda para sa gagawing Performance Task upang malinang ang kakayanan mong sumulat. Matapos mong sagutin ang mga tanong ay gumawa ka ng isang sulat para sa Pinuno ng simbahan bilang pag-depensa sa mga makabagong tuklas ng siyentipiko. Ito ay dapat maka-kumbinse sa mga Obispo na hayaan o bigyang kalayaan ang mga siyentipiko sa kanilang gawain.

Isulat mo ang iyong depensa sa iyong blog: pwede sa blogger.com o di kaya ay sa wordpress.com. Gamitin Hand-out 6: Rubric ng persuasive Writing bilang gabay sa pagsusulat at pagbibigay ng feedback

RUBRIC sa PERSUASIVE WRITING

PANUTO: Ang gabay na ito ay makakatulong sa iyo sa pagtataya ng iyong persuasive writing assignments. Basahin ang mga pahayag sa ibaba at piliin ang numero mula sa eskala na naglalarawan ng iyong gawain.

1 = Mahina 2 = May Kahinaan 3 = Katamtaman 4 = May Kalakasan 5 = Malakas

1. Ang paksa ay naipapakilala sa isang malinaw at kahali-halinang pamamaraan.
   1 2 3 4 5

2. Naipapahayag ng sulatin ang isang matatag na opinyon na nasusuportahan ng matatalinong rason.
   1 2 3 4 5
3. Naipapakita ang krayterya kung saan nakabase ang opinyon sa pamamagitan ng konkretong ebidensya.
   1 2 3 4 5
4. Nabibigyang pansin ng artikulo ang pananaw ng tagapag-basa.
   1 2 3 4 5
5. Natutugunan nito ang magkakasalungat na mga pananaw at ebidensya.
   1 2 3 4 5
6. Nakapagmumungkahi ng isa o mas marami pang makabagong solusyon sa ipinakitang problema.
   1 2 3 4 5

7. Nagtatapos ang artikulo sa isang pahayag na paglalatag muli ng opinyon na maaring humihimok/makapag-hikayat sa mambababasa na suportahan o aksyunan ang problema.
   1 2 3 4 5
8. Ang mga pagbabantas at gramatika sa naisulat na artikulo ay tama.
   1 2 3 4 5
9. Ang naisulat ay maayos at malinis na naisulat o nai-type.

Karagdagang Komento:
____
____
____

Kabuuang puntos/marka: _____________

Transition Statement

Ang Rebolusyong Siyentipiko ay isang hakbang sa pagsusuri sa mga tradisyon. Dahil rito ay nagkaroon paggamit ng "reasoning" at unit-unti nang namulat ang mga tao sa katotohanan. Tunghayan natin ngayon ang panibagong kaganapan na naging resulta nito, ang Panahon ng Pagkamulat o Enlightenment.

GAWAIN 8. Web Map Analysis on Enlightenment (A, M) .

Upang magkaroon ng impormasyon ang mga estudyante sa paksa ay ipasuri ang Hand-out 7: Web Map on Enlightenment. Matapos masuri ang Hand-out 7 ay magkakaroon ng Think-Pair – Share tungkol sa mga pamprosesong katanungan sa ibaba:

Pamprosesong tanong:
1. Ano ang ipinapakita ng web map tungkol sa enlightenment?
2. Sinu-sino ang mga taong kabahagi ng panahong ito?
3. Batay rito ano ang naging resulta ng enlightenment o panahon ng pagkamulat?
4. Anong mga bansa ang naglunsad ng rebolusyon at digmaan?

Formative Assessment: Enlightenment **ACROSTICS**
Alamin nating ngayon kung gaano na ang nalalaman mo sa Enlightenment. Buuin mo ang ACROSTICS gamit ang Worksheet at bigyang kahulugan mo ang bawat letra ng salitang enlightenment ayon sa iyong naintindihan.



Gawain 8: Demokrasya at ang Panahon ng Pagkamulat
Basahin mo ang artikulong ito tungkol sa enlightenment.
http://score.rims.k12.ca.us/score_lessons/growth_of_democratic/
Artikulo na ipinapaliwanag ang "The Growth of Democratic Tradition: Sa Panahon ng Enlightenment

http://faculty.unlv.edu/kirschen/handouts/Enlightenment.html
Ipinapaliwanag rito ang katangian ng Enlightenment

Pamprosesong tanong:

1. Ano ang dahilan ng pagkakaroon ng pagkamulat?
2. Anong mga katangian meron ang pangyayaring ito?

Transition Statement: Mapapansin mo na sa bawat pangyayari ay may mga taong nagpapasimuno. Kilalanin natin ang ilan sa mga pilosopo na naging tanyag sa Panahon ng Pagkamulat at ang naging impluwensya nito.

Punan mo ngayon ang worksheet sa ibaba ng mga pilosopiya at paniniwala ng pangunahing personalidad sa panahon ng pagkamulat. Pwede mong gamitin ang website na ito at humanap ka pa ng iba pang resources.

http://www.biographyonline.net/people/famous/enlightenment.html
Mga pilosopiya at paniniwala ng pangunahing personalidad sa panahon ng pagkamulat.

Pilosopo	Nasyonalidad o bansang pinanggalingan	Paniniwala, pilosopiya	Pananaw ko rito
1. John Locke			
2. Jean-Jacques Rousseau			
3. Baron de Montesquieu			

4.John Stuart Mill			
5. Mary Wolstonecraft			

Pamprosesong tanong:
1. Ano ang kalimitang nilalaman ng mga pahayag ng pilosopo?
2. Paano nila sinasagot ang mga problema o isyu na may kaugnayan sa relihiyon, pulitika, at ekonomiya?
3. Kung ikaw ay nasa ganitong mapanupil na kalagayan, ano ang magiging laman ng iyong akda/sulatin?
4. EQ**:** Paano nito nabago o naimpluwensyahan ang kamalayan ng mga tao noon?

T-Chart. Pumili ng dalawang philosophers at ikumpara sila sa isa't-isa.

	Pagkakapareho	**Pagkakaiba**
Philosopher #1		
Philosopher #2		

Pamprosesong tanong:
1. Paano nagkakapareho at nagkakaiba ang mga pilosopo?
2. Ano ang mga dahilan ng ganitong kaisipan?

Pagsasanay: Pagtatapat-tapat Matching

Itugma ang mga larawan ng mga Political Thinker sa kanilang mga ideya at paniniwala sa ibaba. Maaring mas marami kaysa isa ang sagot sa bawat ideya.



John Locke

Mary Wolstonecraft

Montesquieu



Jean Jacques Rousseau

John Stuart Mill

Idea	Thinker
1. Natural rights	
2. Women's rights	
3. Self-protection can be a defense for interfering with an others personal freedoms	
4. Considered an opponent of the Enlightenment's emphasis on reason	
5. Citizens should rebel against unjust governments	
6. Advocated freedom of opinion without censorship	
7. Government is a contract between the ruler and citizens	
8. Marriage was particularly unfair to women	
9. Three part government -- Legislative, executive, and judicial	
10. Advocated equal education for women and men	

Pagsasanay
http://www.funtrivia.com/playquiz/quiz2435561be2be8.html
Enlightenment quiz

Transition Statement:
Ang mga sulatin o aklat ng mga pilosopong natalakay ay umani ng puna at panunuligsa dahil bumabanga ito sa tradisyonal na paniniwala ng simbahan at humamahamon sa kapangyarihan ng kasalukuyang pamunuan. Gayunpaman ay ipinagpatuloy pa rin ito ng mga pilosopo dahil sa nais nila ng pagbabago. Alamin

mo sa susunod na aralin ang pamamaraang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyan bilang pagpapahayg ng ideya, opinion o reaksiyon.

Formative Assessment: Drop Box
Maghanda ng dalawang kapirasong papel, sa isang papel ay isusulat nila ang kanilang katanungan o mga paksang hindi pa lubusang naintindihan at sa isa pa ay ang kanilang natutunan. Bubunot ng ilang papel sa mga kahong ito at ibabahagi sa klase o ipost sa forum. Hindi kinakailangang ang guro ang sumagot sa lahat ng mga katanungan pwede rin ang mga estudyante kung sila ay may ideya rito.

GAWAIN 9. Enligtenment at Rebolusyong Siyentipiko

Pag-aralan mo ang timeline na ito tungkol sa Rebolusyong siyentipiko
http://www.education.com/study-help/article/european-history-scientific-revolution-timeline/

Ang Scientific Revolution at Enlightenment
http://www.regentsprep.org/Regents/global/themes/change/sci.cfm

Pamprosesong tanong:
Ano ang kaugnayan ng scientific revolution sa enlightenment?

GAWAIN 10. "Paradigm Shift" Data Analysis

Basahi ang mga artikulong ito at punan ng tamang salita ang Worksheet 11: Noon at Ngayon. Sa hugis diamond ang kanilang pag-iisip bago ang Scientific Revolution at Age of Enlightenment at sa hugis bilog ay ang pagbabago dahil sa impluwensya ng Scientific Revolution at Age of Enlightenment.

Unang Grupo
http://tongkeh-joseph-fowale.suite101.com/enlightenment-and-the-plight-of-women-a204035 Artikulo tungkol sa estado ng kababaihan bago ang enlightenment.

1. Ano ang pag-trato sa mga kabababaihan sa panahong ito?
2. Paano ito ito nakahadlang sa mga pagbabago sa kanilang kamalayan?
3. Paano tinanggap ng mga kababaihan ang ganitong kaisipan?

Pangalawang Grupo
http://esl.fis.edu/learners/support/hum/text/wh542.htm
Mga Pangyayari bago ang Enlightenment

2. Paano pinamamhalaan ng monarkiya ang kanyang kaharian?
3. Ano ang naging sitwasyon ng mga magsasaka sa pamamahala ng mga hari at reyna?
